

MGA HAMON NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO SA SENIOR HIGH SCHOOL

CHALLENGES OF STUDENTS IN FILIPINO ASSIGNMENT IN SENIOR HIGH SCHOOL

¹MARINILLA R. LAUSA, ²DIANA ROSE S. LEOPOLDO, ³LEIZEL JOY C. DABALOS

Isang Pananaliksik na iniharap sa College of Education, Misamis University, Ozamiz City Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan ng mga Kinakailangan sa FILI 9ED

ABSTRACT

Ang asignaturang Filipino ay tinuturo upang madaling maunawaan at maipaliwanag ang mga kaalaman sa araling pangnilalaman, magamit ang angkop at wastong salita sa pagpapahayag ng sariling kaisipan, damdamin o karanasan nang may lubos na paggalang sa kultura ng nagbibigay at tumatanggap ng mensahe. Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral ng Senior High School sa asignaturang Filipino sa taong panuruan 2022-2023. Ito ay isinagawa sa Senior High School Department ng Misamis University. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay dalawampu't dalawang mag-aaral ng Senior High School at gumamit ng convenience sampling gamit ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mananaliksik sa panayam. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng face-to-face interview sa mga kalahok gamit ang voice recorder. Ang mga datos ay sinuri gamit ang pamamaraan ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na mga tema: (1) Kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino; (2) Kahirapan sa pag-unawa ng wikang Filipino, ang temang ito ay nagbunga ng dalawang sub tema: Kakulangan sa kabularyo at Kahirapan sa pag-unawa ng idyomatikong pahayag; (3) Kahirapan sa Pamamahala ng Oras. Kinakailangan na bigyan pansin ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral upang matulungan silang malampasan at mabigyan ng mga paraan na maaaring makatutulong sa kanila na madagdagan ang kanilang bokabularyo at maunawaan ang mga idyomatikong pahayag. Para sa susunod na mananaliksik, imumungkahi na magsagawa ng pananaliksik sa iba pang hamong kakaharapin ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Mga Susing Salita: asignaturang Filipino, bokabularyo, idyomatikong pahayag, kahirapan, kakulangan, malalim na salita, wikang Filipino

KEYWORDS: asignaturang Filipino, bokabularyo, idyomatikong pahayag, kahirapan, kakulangan, malalim na salita, wikang Filipino

1. INTRODUCTION

Ang asignaturang Filipino ay isa sa mga tinuturo sa pampubliko at pribadong paaralan upang madaling maunawaan at maipaliwanag ang mga kaalaman na may ugnayan sa wika, kultura, at lipunan. Ito ay humuhubog sa isip at talino ng mga estudyante sa pagkakaroon ng kaalaman sa paggamit ng wika, kultura at panitikan na siyang nagbibigay pagkakakilanlan sa bansang Pilipinas (Janett, 2021). Ang disiplina ng ito ay may mahalagang papel sa pag-aaral ng mga mag-aaral sapagkat nagtuturo ito kung paano magamit ang mga angkop at wastong salita sa pagpapahayag ng sariling kaisipan, damdamin o karanasan. Ito ay isang disiplina na gumaganap ng isang napakahalagang papel sa pagbabago ng lipunan sa pangkalahatan, at ang pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral sa partikular (Capuno, 2019).

Maraming pag-aaral na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa asignaturang Filipino. Sa kasalukuyan, ang mga mag-aaral ay labis na nagdusa sa pagkatuto ng asignaturang Filipino dahil hindi natugunan ang ang kanilang pagkakaiba-iba sa kagustuhan at istilo kaya nagiging mahirap at boring ang pag-aaral (Aranda at Zamora, 2018). Isa ang maagang pagkamulat sa wikang Ingles ang rason kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral sa wikang Filipino. Naging hamon ng mga mag-aaral ang asignaturang Filipino dahil mas sanay sila sa wikang Ingles, gusto nila ang magbasa ng panitikang Ingles at nahihirapan sila na unawain ang wikang Filipino (Caluscusan et al., 2018). Hindi naging madali sa mga mag-aaral ang wikang Filipino, sa kabila ng katotohanan

na ang Filipino ang pangunahing lengguwahe, maraming mga aspeto ang kailangan pang matutunan ng mga mag-aaral (Cagatin, 2022).

Isa sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ang wika. Sa Netherlands, lumabas na ang paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan ay kailangan na eksakto batay sa tunay na bokabularyo upang malinaw na maipahiwatig ang mensahe at maiwasan ang kalituhan sa paggamit ng mga salita (Yco, 2023). Kaya naman kailangan ang patuloy na paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa wika para magamit ito ng eksakto at maayos (Reyno, 2018). Ang estratehiya sa pagtuturo ay isa rin sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang kahusayan sa pagtuturo ay mahalagang impluwensiya sa partisipasyon ng mga estudyante sa loob ng klasrum (Zhang, 2020). Sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ay kinakailangan ng kahusayan sa pagtuturo upang malampasan ang mga hamon na kanilang kinakaharap. Sa Tsina, lumabas na ang motibasyon at interes ng estudyante sa pagpapahalaga sa asignatura ay nakadepende sa kahusayan sa pagtuturo (Suksel-Sahin, 2020). Maraming pag-aaral sa Pilipinas na nagpapakita na maraming kinakaharap na hamon ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa Dapitan City, natuklasan na karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa asignaturang Filipino dahil sa mas komportable at sanay ang mga mag-aaral sa wikang Ingles at Bisaya (Lim, 2018). Maraming mag-aaral ang walang interes sa asignaturang Filipino, nahihiya silang magsalita gamit ang wikang Filipino na nagdudulot sa kanila ng mababang marka (Taeza, 2020). Sa Quezon, lumabas sa pag-aaral na may mababang kakayahan ang mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino na kung saan kailangan pang ituro sa mga mag-aaral ang mga makabuluhang aral upang mabigyang halaga ang wikang Filipino (Bataller et al., 2019).

Sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ay kinakailangan magkaroon nang sapat na kaalaman at pag-unawa tungkol sa mga malalalim na salita o termino. Lumabas sa pag-aaral sa Batangas na ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay may mga problema sa pag-unawa sa kahulugan ng malalalim na salita, wika, at bokabularyo (Lescano, 2019). Ang asignaturang Filipino ay bahagi rin ng isang National Achievement Test na isang standardized set ng mga pagsusulit na sumusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral pagdating sa mga asignatura. Ayon sa pananaliksik ni Marinas (2019) nakikitaan ng kahirapan ang mga mag-aaral sa Rizal, na may mababang grado sa resulta ng NAT Examination sa Filipino. Gayundin sa Surigao del Sur, lumabas na ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ang naging sanhi ng mababang resulta sa NAT Examination (Pajarillo, 2019).

Sa Misamis University, Ozamiz City, naobserbahan ng mga mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gusto ang asignaturang Filipino at madalas mayroong mababang marka. Ang pag-aaral na ito isinagawa upang matukoy ang mga hamon sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Misamis University. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, malalaman ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Teoretikal na Balangkas

Ang sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito. Ang teoryang *Sociocultural* ni Lev Vygotsky (1987) na binanggit ni Kendra Cherry (2022) at teoryang *Constructivism* ni John Dewey (1933) na binanggit nina Suhendi at Purwarno (2018). Ang teoryang *Sociocultural* ni Vygotsky (1987) ay paraan sa pagtuklas ng mga mahahalagang ambag na ginawa ng mga mag-aaral upang mapalakas ang interes nito sa bawat asignaturang pinag-aralan. Ang teorya na ito ay nagbibigay diin sa pakikipag-ugnayan o interaksyon sa pagitan ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Ayon kay Mcleod (2020), mula sa libro na ginawa ni Lev Vygotsky, ang *Sociocultural Theory*, ay nagsilbing batayan para sa maraming pag-aaral. Ang teoryang nabanggit ay nagpapakita na ang mga sosyal na interaksyon ng isang tao ay may malaking epekto sa kanilang pag-aaral. Ang teorya ng sociocultural ni Vygotsky ay tinitingnan ang pag-unlad ng tao bilang isang proseso sa pamamagitan ng Lipunan kung saan nakukuha ng mga bata ang kanilang mga pagpapahalaga sa kultura, mga paniniwala, at mga diskarte sa paglutas ng problema sa pamamagitan ng mga nakikipagtulungan na dayalogo sa mga mas may kaalamang kasapi ng lipunan (Magallenas, 2024).

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa teoryang Sociocultural ni Vygotsky. Iminumungkahi nito na ang interes ng mga mag-aaral upang matuto ay nakabatay sa pakikipag-ugnayan nila sa kapwa mag-aaral (Ardales, 2019). Ang pagpapahalaga ng asignaturang Filipino ay makakatulong upang maging malawak ang kaalaman sa pagsusulat at pagbabasa ng mga mag-aaral (Wella, 2019). Sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, mahahasa ang kanilang kaalaman ukol sa sariling wika at panitikan (Mamaril, 2022). Ang teoryang *Constructivism* ni John Dewey (1933) ay tungkol sa pagkakatuto ng mga mag-aaral at paggawa ng kabuluhan

batay sa kaniyang mga karanasan. Naipamamalas ito sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng tuon sa mag-aaral. Nagkakaroon ng mga bagong pagkatuto gamit ang mga tanong ng guro at ng kanyang malikhaing paraan. Ayon sa teoryang *Constructivism*, ang isang tao ay may kakayahang mag-organisa ng mga karanasan at bumubuo ng kahulugan ukol dito. Hinahayaan din ang isang tao na bumuo ng mga bagong konsepto mula sa kanyang mga karanasan at tumuklas ng mga bagay at konsepto para sa ikalilining ng kanyang sarili (Vallecera, 2019). Ang kaalaman ay hindi nakukuha ng mga mag-aaral sa mga guro ngunit nabubuo ito sa isipan ng mga mag-aaral. Sa kasong ito, ang pokus ng kaalaman ay hindi nagmumula sa guro ngunit nagmula ito mismo sa kakayahan ng mga mag-aaral (Suhendi et al., 2021).

Nakabatay ang pananaliksik sa teoryang *Constructivism*, ito ay nagbigay pokus sa tungkulin ng guro na maglaan at lumikha ng isang kaaya-ayang kaligirang pang-klasrum. Magkaroon ng isang silid-aralan na maginhawa ang pakiramdam ng bawat mag-aaral, malayang nailalahad ang sariling paninindigan, opinyon, at kuro-kuro (Sullera, 2020). Ang pagiging malikhain at pagkakaroon ng malawak na imahinasyon ng mga guro ay kailangan sapagkat ito ay malaking bagay upang makuha ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral (Gloria, 2021). Naipamalas ito sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng tuon sa mag-aaral (Cabigao, 2021).

Konseptuwal na Balangkas

May iba't ibang hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa pag-aaral na ito, natukoy ng mga mananaliksik na ang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino, kahirapan sa pag-unawa ng wikang Filipino, kakulangan sa bokabularyo, kahirapan sa pag-unawa ng idyomatikong pahayag, at kawalan ng kompiyansa at oras ay ang mga hamon na kinakaharap sa asignaturang Filipino.

Ang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino ay tumutukoy sa kahinaan ng mga estudyante sa wikang Filipino dahil mas napapadala ang paggamit ng banyagang wikang Ingles sa mga asignatura. Maraming tao ang nahihirapan sa paggamit ng purong Filipino, lalo na sa pagbigkas ng mga salita (Truya, 2020). Ang mga salik na nakahahadlang sa pagsasalita ng wikang Filipino ay panghihikayat ng paaralan sa paggamit ng wikang Ingles sa pakikipag-usap, pagsusulat sa wikang Ingles ng mga ulat, dokumento at iba pa (Chavez, 2018). Dahil Ingles na ngayon ang kasalukuyang ginagamit bilang midyum ng pakikipag-ugnayan sa hanapbuhay, medya at sa mga paaralan sa pagtuturo sa ilang mga asignatura, nababawasan ang halaga ng pagsasalita ng wikang Filipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas dahil karamihan sa mga Pilipino sa panahon ngayon ay mas bihasa sa paggamit ng wikang banyaga kaysa sa lingua franca ng mga Pilipino, ang wikang Filipino. (Metrillo, 2018).

Ang kahirapan sa pag-unawa ng wikang Filipino ay tumutukoy sa mga hamon ng mga mag-aaral pagdating sa pag-intindi ng wikang Filipino. Dahil sa pagbabago na naganap sa sariling wika dulot ng pagbabago at pag-unlad ng ating bansa, maraming kabataan na ang nakalimot sa paggamit at nahihirapan sa pag-unawa ng sariling wika o wikang Filipino, (Cabreria, 2019). Napag-alaman na ang simpleng salita at pagbibigay kahulugan ay isang napakalaking bagay upang mahasa ang kaisipan ng mga mag-aaral sa sariling wika na kadalasan ay hindi naisasagawa ng maayos kahit sa pagsasalita. Ang ganitong mga kakulangan ang binigyang-pansin ng tagapagsaliksik upang mabawasan ang mga mag-aaral na hindi makasulat kahit sa simpleng pangungusap lamang (Estrabo, 2018). Ang kakulangan sa bokabularyo ay tumutukoy sa mga kaalamang lagpas sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga problema sa pag-unawa sa teksto ay kadalasang nangyayari dahil sa kakulangan ng karanasan at kaalaman ng mga mag-aaral (Pollero, 2021). Ang pagpapabuti ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay higit na mahalaga sa mga silid-aralan na nakatuon sa kritikal na paraan kung saan ang kakayahan ng mga mag-aaral na makisali sa mga kritikal na diyalogo ay lubos na hinihikayat (Parba, 2021).

Ang kahirapan sa pag-unawa ng idyomatikong pahayag ay tumutukoy sa hamon ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga malalalim na salita o pahayag. Maraming tao ang nakakalimot sa tunay na layunin o kahulugan ng mga salita dahil maraming salita ang maaaring palitan ng mas maikli o mas madaling bigkasin. Sa partikular, ang mga kabataan ay madalas na gumagamit nito (Constantino et al., 2019). Bihira na lamang ang gumagamit ng mga malalalim na salita sa pakikipagkomunikasyon. Karaniwang ginagamit na lamang ito sa asignaturang Filipino, hindi ito nagagamit sa iba pang asignatura (Garcia, 2019).

Ang kahirapan sa pamamahala ng oras ay tumutukoy sa hamon ng mag-aaral kung saan nahihirapan sila sa pamamahala ng kanilang oras tuwing sasagot sila sa kanilang pagsusulat at nasusubok din ang kanilang kakayahan sa pagbalanse ng kanilang oras. Ang mga mag-aaral ay nakakaramdam ng dismaya na maaaring makaapekto sa kakayahan na maunawaan at masagot ang mga tanong sa pagsusulat (Santos at Sibayan, 2019). Dagdag pa rito, kahirapan sa pamamahala ng oras sa pagsasagot ay maaaring humantong sa pagkabigo sa pagsasagawa ng mga pagsusulat o pagsulat ng mga papel na may kinalaman sa asignaturang Filipino (Gregory, 2019).




Figura 1: Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy ang mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Senior High School ng Misamis University.

2. PAMAMARAAN

Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng phenomenological na disenyo. Ang *phenomenology* ay nagbibigay-halaga sa pakikipag-ugnayan at karanasan ng tao. (Ponty, 1945). Sa pamamagitan na ito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Senior High School ng Misamis University.

Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Senior High School ng Misamis University. Ang Pamantasan ng Misamis, kabilang ang Basic Education Department ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation). Ang Senior High School ay umaalok ng limang strand, ito ang STEM, ABM, HUMSS, GAS, AT PBMAR.

Pinanggalingan ng Datos

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay labindalawang (12) mag-aaral sa Baitang 11 at Baitang 12 sa Misamis University. Ang mga kalahok ay pipiliin sa pamamagitan ng *convenience sampling* galing sa 5 *Strand*: isa (1) sa Science, Technology, and Mathematics (STEM) Strand, isa (1) sa Accountancy, Business and Management (ABM) Strand, dalawa (2) sa General Academic Strand (GAS), isa (1) sa Humanities and Social Sciences (HUMSS) Strand, at isa (1) sa PreBacclaureatte Maritime (PBMAR) Strand. Ibinatay sa krayterya na; una (1) mga mag-aaral sa Senior High School na may kinakaharap na mga hamon sa Asignaturang Filipino ng Pamantasan ng Misamis, SY 2022-2023, dalawa (2) mga mag-aaral sa Senior High School na inirekomenda ng guro na mahina sa asignaturang Filipino at tatlo (3) mga mag-aaral na nagbigay ng pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral na ito.

Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik: A. Talatanungan sa Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino sa Senior High School.

Ang mga kalahok na mag-aaral ay makakapanayam tungkol sa mga kinakaharap na hamon sa asignaturang Filipino. Sa pag-aaral na ito, ang gagamiting gabay na katanungan ay sariling-gawa ng mga mananaliksik. Ang mga eksperto sa kuwalitibong pananaliksik ay hinihiling na gawin ang *content validity test* upang mabuo ang gabay na katanungan sa panayam. Ang mga katanungan ay isinailalim muna sa *pilot test* bago isinagawa ang pag-aaral upang masuri ang kalinawan at upang matiyak na makuha nito ang kinakailangan na impormasyon.

Pagtitipon ng mga Datos

Bago ang panayam at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Senior High School Misamis University, Ozamiz City para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga guro ng Filipino kung sino sa kanilang mga mag-aaral ang may kinakaharap na hamon sa asignaturang Filipino. Ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Senior High School. Ang panayam ay ginamitan ng rekorder at isinalin.

Isang harap-harapan na panayam ang ginamit para malinaw ang mga sagot ng mga kalahok sa pag-aaral. Bukod pa rito, isang *voice recorder* ang inilaan para mabalikan ang mga sagot sa panayam. Isinalin ng mananaliksik ang nasabing panayam. Isang *interview protocol* ang sinunod sa pagtitipon ng datos. Ang mga tanong ay *open-ended, core, at close-ended*. Bilang isa sa mga katangian ng *phenomenological interviews*. Tatanungin ang mga kalahok sa pag-aaral kung ano ang mga hamon na kinakaharap sa asignaturang Filipino. Ang mga tala sa obserbasyon ng mananaliksik sa panayam ay kinolekta at isinali sa nakalap na datos. Ang mga tugon ng mga kalahok ay isinaayos gamit ang *HyperRESEARCH software* upang mabuo ang mga tema. Ang mga tema ay sinuri ng mga mananaliksik.

Etikal na Konsiderasyon

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga kalahok bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga kalahok ay pinili at ang mga pangalan ay hindi maitatala sa alinman sa mga material na gagamitin sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging possible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

Pag-aanalisa ng Datos

Sa pag-aaral na ito gagamitin ang pamamaraan ni Moustaka sa pag-aanalisa ng datos. Pagkatapos mabasa ang tugon ng pangalawang beses para masuri ng mananaliksik ang datos, ang lahat ng ito ay babasahin muli upang matukoy ang konsepto na mahalaga sa pananaliksik. Pagkatapos ng inisyal na pagsusuri, ang mga sumusunod na hakbang ay susundin: Ang *Horizontalization* ay isinagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na halaga sa bawat tugon at pagbibigay ng detalyadong paglalarawan. Ang susunod na hakbang ay ang pag-alis ng mga tugon na hindi nauugnay sa mga hadlang. Ang prosesong ito ay kinabibilangan ng pagtatanong kung ang mga tugon ba ay mahalaga para sa pag-unawa sa mga hamon o kung maaari silang i-label. *Clustering*, ang mga tugon ay *i-cluster* o *i-collect*, at ang bawat kategorya ay magkakaroon ng tema. Hanggang sa makabuo ang mga kategorya ng isang tema tungkol sa hamon sa asignaturang Filipino, ang hakbang na ito ay uulitin. Ang huling hakbang ay ang muling pagbasa sa mga paksa upang matiyak na ang mga ito ay naaayon sa mga tugon na ibinigay ng mga kalahok. Ang mga temang ito ay gagamitin upang makabuo ng mga indibidwal at pangkalahatang deskripsiyon ng tekstural, istruktural, at tekstural-istruktural na mahalagang bahagi ng pag-aaral.

3. MGA RESULTA AT DISKUSYON

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang mga pagsubok na kinakaharap ng *Senior High School* sa asignaturang Filipino. Ang mga nakuhang datos sa pananaliksik na ito ay mula sa siyam na babae at tatlong lalaki. Sila ay mula sa *Grade 11* hanggang *Grade 12* sa lahat ng mga strands (*GAS, HUMSS, STEM, ABM, AT PREBACC*). Ang pag-aaral na ito ay nagbunga ng sumusunod na tema: (1) Kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino; (2) Kakulangan sa bokabularyo; (3) Kahirapan sa pag-unawa ng malalim na salita.

Kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino

Isa sa mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Sa tuluyang pagbabago ng panahon, ang ilan sa mag-aaral ngayon ay hindi na lubusang nagagamit ang ating sariling wikang Filipino. Ang wikang Filipino ay kasangkapan sa pagpapahayag ng kulturang Filipino. Napakalaking papel ang ginagampanan nito sa ating lipunan kaya nararapat itong pahalagahan at payabungin. Karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsasalita ng Filipino sapagkat mas sanay sila sa pagsasalita gamit ang wikang Ingles. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

“Mahirap siya dahil hindi ako gaano mahilig sa Filipino kaya nahihirapan talaga ako” (P2).

“Hindi ko alam ang Filipino, hindi ako sanay magsalita nito” (P2).

“Medyo mahirap siya pero di gaano kasi halos ang ginagamit natin sa paaralan ay english naman talaga at ang Filipino ay para rin sa ating kultura pero masasabi ko rin naman na makakatulong siya minsan” (P5).

“Simula pa noong elementarya ay naging maingat na ako sa Filipino dahil mas sanay ako sa Ingles pero pagdating sa Filipino ay talagang nahihirapan ako lalo na sa mga malalalim na salita. Pero sinusubukan ko naman maging matatas sa Filipino. Sa tingin ko naman ay nag improve ang aking abilidad sa pagsasalita ng Filipino sa nagdaang taon” (P11).

Sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa paggamit ng wikang Filipino dahil mas sanay sila sa wikang Ingles. Bumaba ang kaalaman ng mga kabataan ngayon sa pagsasalita ng wikang Filipino sapagkat halos wikang Ingles ang ginagamit na midyum sa pagtuturo sa lahat ng antas ng pag-aaral (Aquilon, 2020). Sa pag-iral ng globalisasyon sa mundo, pinalakas nito ang Ingles bilang gamit sa pakikipagkalakalan at ang masamang epekto nito ay nakakaligtan na ang tunay na kahalagahan ng sariling wika (Bolatin, 2019).

Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit ng purong Filipino sapagkat nangingibabaw ang wikang Ingles kaya karamihan sa mga mag-aaral ay nakakaunawa ng kaunti sa wikang Filipino at hindi sanay sa pagsasalita nito (Valdez, 2019). Kapansin-pansin ang pagiging mas interesado ng mga kabataan sa wikang banyaga kumpara sa wikang Filipino dahil sa mas pagtangkilik ng mga Pilipino sa kultura at lengguwahe ng ibang bansa (Enriquez, 2021). Sa kabuoan, ang malawak na impluwensya ng Ingles sa paaralan ay maaaring makaapekto sa pagsasalita ng Filipino. Dapat ay muling ituro ang wikang Filipino upang madagdagan ang likas na kahalagahan at respeto nito sa mga mag-aaral at antabaayin ng pamahalaan at ng iba pang entidad ang pagpapalaganap ng wikang Filipino sa mga kabataan.

Kahirapan sa Pag-unawa ng Wikang Filipino

Ang Kahirapan sa Pag-unawa ng Wikang Filipino ay naging hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Naging hamon sa mga mag-aaral ang pag-unawa ng wikang Filipino sapagkat limitado lamang ang kanilang bokabularyo sa wikang Filipino gayun din nahihirapan silang unawain ang mga idyomatikong pahayag sa asignaturang Filipino. Ang temang ito ay nagbunga ng dalawang sub tema, ito ay ang kakulangan sa bokabularyo at kahirapan sa pag-unawa ng mga malalalim na salita.

Kakulangan sa Bokabularyo

Isa sa mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ang kakulangan sa bokabularyo. May mga salitang Filipino na lagpas sa kaalaman ng mga mag-aaral. Limitado na lamang ang kanilang bokabularyo pagdating sa mga salitang Filipino o kulang ang kanilang kaalaman pagdating sa mga salitang Filipino. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

“Maraming mga salita na lagpas sa aking kaalaman.” (P11)

“Isa sa mga hamon na aking naranasan sa asignaturang Filipino ay paggamit ng grammatika kasi mayroong mga pagkakataon na may termino sa Filipino na hindi ko masyadong alam.” (P10)

Bukod sa kakulangan sa bokabularyo, ang paggamit ng mga pandiwa at pangngalan ay nagdudulot din nang kalituhan sa mga mag-aaral. Nalilito sila kung ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pandiwa at pangngalan at kung paano gamitin ang mga salita. Ito ang nasabi ng kalahok 12:

“Ang mga pandiwa at pangngalan kung isalin siya sa Filipino ay talagang hindi na alam kung anong mga salita sila, nahihirapan ako” (P12).

Ang bokabularyo ay isang napakalaking bahagi ng kahit anong wika, na kapag walang sapat na bokabularyo, ang tao ay magkakaroon ng problema sa pag-intindi ng kahulugan na inihatid sa kanya (Dematingcal, et al., 2019). Pagdating sa antas ng karunungan sa pag-unawa sa mga salita sa bokabularyo ay nabigo at nahirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa wikang Filipino (Castillo, 2019).

Bukod dito, natuklasan sa pananaliksik ni Ferrer (2019) na higit na mayroong makabuluhang epekto ang kaalaman sa bokabularyo upang magkaroon ng interes sa pagbabasa ng iba't ibang akdang pampanitikang Filipino ang isang mag-aaral. Sa bawat pagtaas ng nalalaman sa bokabularyo ay tumataas din ang interes sa pagbabasa ng isang indibidwal sa mga akdang pampanitikang Filipino na naglalaman ng matatalinghagang salita na maaaring daan upang mapalawak pa ang kanilang kakulangan sa bokabularyo. Naging hamon rin ito sa mga guro sa wika ang kakulangan ng mga mag-aaral pagdating sa bokabularyo. Isa sa pinakamahirap na hamon na hinaharap ng mga guro sa wika ay ang kakulangan ng mga mag-aaral ng kasanayan sa bokabularyo na siyang may malaking impluwensiya sa pagbasa nang may pag-unawa (Torzar, 2021).

Ang pagkukulang sa kakayahan sa bokabularyo ay maaring magdulot ng paghihirap ng mag-aaral sa pagtanggap at pagbuo ng wika kahit gaano pa man kagaling ang mag-aaral sa pagbuo ng balarila, pagkaayos ng pangungusap, at pagbigkas nito. Kung walang tamang salitang maaaring gamitin upang maipahayag ang mensahe, walang mangyayari na maayos sa komunikasyon (Maglente, et.al, 2019).

Samakatuwid, ang kakulangan sa bokabularyo ay naging hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Pagpapayaman ng bokabularyo o pagpapalawak ng kaalaman ang magiging susi upang maunawaan o maintindihan ang mga mahihirap at malalalim na salita na siyang maging daan rin tungo sa maayos na pakikipagkomunikasyon sa iba lalo pagdating sa asignaturang Filipino. Upang mapalawak ang kanilang kaalaman o bokabularyo pagdating sa Filipino ay nakatutulong sa kanila ang magbasa ng mga libro lalo na diksyunaryo o di kaya ay ang mga guro ay maaaring magbigay ng mga akdang pampanitikang babasahin nang sa gayun ay may mga salitang maidadag sa kanilang kaalaman o bokabularyo.

Kahirapan sa Pag-unawa ng Idyomatikong Pahayag

Isa sa mga hamon na kanilang kinakaharap sa asignaturang Filipino ay ang kahirapan sa pag-unawa ng idyomatikong pahayag. Ang mga mag-aaral ngayon ay mas bihasa sa mga salitang Ingles, kaya limitado lamang ang kanilang kaalaman pagdating sa mga mahihirap at malalalim na termino o salita tulad ng mga idyomatikong pahayag. Dahil dito, nahihirapan silang maunawaan ang asignaturang Filipino. Kung kaya karamihan sa kanila ay nahihirapan sa pag-unawa ng mga salitang mahihirap intindihin o unawain. Narito ang kanilang mga naibahagi para sa pagsisiyasat na ito.

“Nahihirapan ako sa pag-intindi dahil sa mga malalalim na salita” (P1).

“Nahihirapan ako sa Filipino dahil sa pagbuo sa mga pangungusap na may malalim na kahulugan at sa pagbabasa mo ay talagang malalalim at mahirap. intindihin” (P2).

“Ang mga hamon na aking naranasan ay ang mahirap na pag-intindi sa ibang salita dahil sa lalim na termino na ginagamit dito” (P4).

“Ang mga hamon na aking kinakaharap ay iyon nga ang mga salita ay napakalalim” (P6).

“May mga ibang termino o mga salita sa Filipino na hindi natin agad. maintindihan” (P7).

“Ang mga hamon na aking naranasan sa asignaturang Filipino ay ang mga teknikal na mga salita, mga malalim na salita sa Filipino o mga sinaunang salita” (P8).

“Iyong pag-intindi sa Filipino dahil mahina talaga ako sa Filipino kagaya nang. mga malalalim na salita” (P9).

“Isa sa mga hamon na aking naranasan sa asignaturang Filipino ay paggamit ng grammatika kasi mayroong mga pagkakataon na may termino sa Filipino na hindi ko masyadong alam” (P10).

Hindi maitatangi na karamihan sa mga Pilipino ay nalilito kapag nakakatagpo ng mga malalalim na salita. Isa sa mga rason kung bakit hindi ito alam ay dahil sa kalumaan ng mga salita. Malimit na rin itong gamitin sa mga panahon ngayon, sapagkat, nagkaroon na ito ng mga salitang kahulugan at mas madaling intindihin (Lorca, 2020). Ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan ay madalas impormal o hindi sapat sa kadahilanang maraming umusbong na bagong termino kaya mas pinili na lang gumamit ng mga mag-aaral ng balbal o di naman kaya ay Ingles dahil dito sila mas nadadalian (Ayon, 2019).

Gayundin, sa paggamit ng wika, mahahasa ang ating kaalaman at kakayahan sa pagsasalita ng Filipino. Kapag ginagamit parati ang wika, magiging matatag ang pundasyon ng mga salita na siyang magagamit sa pag-unawa sa maraming bagay tungkol sa mga Pilipino (Pagcanlungan, 2021). Samakatuwid, ang pag-unawa ng mga idyomatikong pahayag ay naging mahirap sa mga mag-aaral sapagkat may mga termino na may katumbas sa idyomatikong pahayag na mas piniling gamitin ng mga mag-aaral, idagdag pa rito ang paggamit ng mga salitang Ingles na mas lalong nagpapababa ng kaalaman ng mga mag-aaral pagdating sa wikang Filipino. Mahahasa lamang ang kanilang kaalaman tungkol sa mga idyomatikong pahayag kung matuto silang gamitin ang mga malalalim at mahihirap na salita sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Kahirapan sa Pamamahala ng Oras

Ang Kahirapan sa pamamahala ng oras ay naging hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sapagkat ayon sa kanila tuwing sasagot sila sa kanilang pagsusulit ay nahihirapan sila sa pagsagot nito lalo na at nakukulangan sila sa oras dahil hindi lang ang asignaturang Filipino ang gumagamit ng wikang Filipino kundi ang ibang asignatura rin kagaya ng Arpan. Ang iba naman ay nadidismaya dahil nakukulangan sila ng oras sa pagsagot na kung saan sa kanilang pagmamadali ay hindi na nila alam kung tama ang kanilang mga sagot kung kaya nakakuha ito nang maliit na marka. Narito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

"Ang epekto nito sa aking pag-aaral ay nakukulangan ako sa oras sa pagsagot tuwing pagsusulit dahil hindi lang ang asignaturang Filipino ang gumagamit ng wikang Filipino kundi ang ibang asignatura rin kagaya ng Arpan" (P6).

"Minsan nahirapan ako kung mayroong ibigay na kailangan sagutan tapos nahihirapan ako sa pagsagot at wala na akong oras sa pagsagot" (P7).

"Ang negatibong epekto ay nakakasayang siya ng oras at nadidismaya ako dahil wala na akong oras sa aking pagmamadali kaya maliit lang ang marka ko" (P11)

Sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay humaharap sa hamon na kahirapan sa pamamahala ng oras tuwing sasagot sila sa kanilang mga pagsusulit. Ang pagsasagot sa mga pagsusulit ay nangangailangan ng sapat na oras para sa mga mag-aaral dahil nakasalalay dito ang kanilang pag-unawa sa asignatura at nasusubok ang kanilang kakayahang ibalanse ang kanilang oras. Ang pinakanangungunang pagsubok na kinakaharap ng mga mag-aaral ay ang pamamahala ng oras (*time management*) (Noval, 2020). Nagsisilbing isang hamon ng mga mag-aaral ang pagbabalanse ang kanyang oras at inaaral lalo pa kung idadagdag ang mga takdang aralin at ilang dagdag na gawain na kailangan niyang tuparin (Pacheco et al., 2023).

Gayundin, ang mga mag-aaral ay nadidismaya sapagkat nagmamadali silang sumagot sa mga pagtataya at may mga mag-aaral na nagiging mahiyain sa pagsagot tuwing pagsusulit o di kaya ay tuwing resitasyon (Dicang at Molina, 2023). Bukod rito, ang haba ng mga teksto sa pagsusulit ay maaaring humantong sa limitadong oras ng pagsagot na nagdudulot ng kakulangan ng oras at stress sa mga mag-aaral, at nagbabawas ng pagkakataon na ipakita ang kanilang tunay na kaalaman at kakayahan (Cruz, 2023).

Samakatuwid, ang mga mag-aaral ay humaharap sa hamon na kahirapan sa pamamahala ng oras sa pagsasagot sa asignaturang Filipino na kung saan nagsisilbing isang hamon sa kanila ang ibalanse ang kanilang oras tuwing pagsusulit na kung saan humantong sa pagmamadali sa pagsasagot kung kaya nadidismaya sila sa maliit na marka na kanilang nakukuha na kung saan nababawasan ang pagkakataon na ipakita ng mga mag-aaral ang kanilang tunay na kaalaman at kakayahan. Dagdag pa rito, marami pa silang mga iniisip na gawain na humahati sa kanilang oras kung kaya pagdating sa pagsusulit ay nakukulangan sila ng oras sa pagsasagot.

4. BUOD, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON Buod

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang mga pagsubok na kinakaharap ng mga mag-aaral sa *Senior High School* sa asignaturang Filipino. Ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng *phenomenological* na disenyo. Labing-dalawang mag-aaral ng Senior High School sa lahat ng strands, *GAS, HUMSS, STEM, ABM, at PREBACC, Misamis University, Ozamiz City* ang lumahok sa pag-aaral na ito na pinili sa pamamagitan ng *convenience sampling*. Ang mga mag-aaral ay kinapanayam gamit ang gabay na katanungan na sariling-gawa ng mga mananaliksik. Ang panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng harapang panayam gamit ang *voice recorder*. Upang makuha ang resulta mula sa nakuhang mga datos ito ay sinuri gamit ang *phenomenology* ni Moustaka. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang *qualitative statistical software* na tinatawag na *HyperRESEARCH* upang suportahan ang pagsusuri ng mga datos.

Mga Natuklasan

Batay sa mga datos na nakuha, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino:

1. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino dahil sa mas sanay sila sa pagsasalita gamit ang wikang Ingles. Nahihirapan sila sa pagbuo ng mga salita na kanilang gagamitin sa pakikipagtalastasan sapagkat mas sanay silang magsalita gamit ang wikang Ingles dahil mas nakagisnan na nilang itong gamitin sa pagsasalita.

2. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa ng wikang Filipino sapagkat limitado lamang ang kanilang bokabularyo sa wikang Filipino gayun din nahihirapan silang unawain ang mga idyomatikong pahayag sa asignaturang Filipino. Ang temang ito ay nagbunga ng dalawang sub tema:

(1) Ang mga mag-aaral ay kulang ang kanilang bokabularyo pagdating sa asignaturang Filipino kung bakit hindi nila agad maunawaan o maintindihan ang mga salitang Filipino. Limitado lamang ang kanilang bokabularyo at

lagpas sa kanilang kaalaman ang mga salita kung kaya dahil sa kakulangan sa bokabularyo ay nahihirapan silang maunawaan ang mga salitang Filipino.

(2) Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa ng mga idyomatikong pahayag. Naging hamon sa kanila ang kahirapan sa pag-unawa ng mga idyomatikong pahayag sapagkat maraming mga bagong salita ang patuloy na umusbong sa panahon ngayon. Kung kaya iba sa kanila ay nakalimutan ang mga salitang Filipino at iba naman ay hindi talaga alam ang mga salita sapagkat lagpas na ito sa kanilang kaalaman.

3. Ang mga mag-aaral ay humaharap sa hamon na kahirapan sa pamamahala ng oras sapagkat sa tuwing sasagot sila sa kanilang pagsusulit ay nahihirapan sila sa pagsagot lalo na at nakukulangan sila sa oras kung kaya ay iba sa kanila ay nadidismaya sapagkat nakakuha ito ng maliit na marka gayun din nagsisilbing hamon sa kanila ang ibalanse ang kanilang oras tuwing pagsusulit at nakukulangan sila sa oras dahil hindi lang ang asignaturang Filipino ang gumagamit ng wikang Filipino kung hindi ang ibang asignatura din kung kaya kinakailangan na marunong silang ibalanse ang kanilang oras upang iwasan ang hamon na kakulangan.

Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino ay hamon para sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino dahil nahihirapan sila kung paano gamitin ang mga salita sapagkat hindi sila sanay sa wikang Filipino at mas bihisa sila sa Ingles.

2. Ang kahirapan sa pag-unawa ng wikang Filipino ay naging hamon para sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino dahil nahihirapan silang unawain ang wikang Filipino sapagkat limitado lamang ang kanilang bokabularyo at nahihirapan silang unawain ang mga idyomatikong pahayag sa asignaturang Filipino. Ang temang ito ay nagbunga ng dalawang sub tema:

(1) Ang kakulangan sa bokabularyo ay hamon para sa mga mag-aaral dahil hindi nila alam ang ibang mga salita sa wikang Filipino at maraming mga salita na lagpas na sa kanilang kaalaman. Limitado lamang ang kanilang bokabularyo pagdating sa wikang Filipino na nagiging dahilan kung bakit hinaharap nila ang pinakamatinding hamon o problema sa asignaturang Filipino, ito ay ang kahirapan sa pag-unawa o pag-intindi ng mga malalalim at mahihirap na salita o termino. Samakatuwid, ang kakulangan sa bokabularyo ang pinakaugat sa kanilang hamon na kinakaharap kung bakit hindi nila agad naunawaan ang mga salita o termino at hirap sila sa pagsasalita ng wikang Filipino.

(2) Ang kahirapan sa pag-unawa ng mga idyomatikong pahayag ay itinuturing na pinakaproblema ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino kung saan ito ay nagdudulot sa kanilang makakuha nang mababang marka pagdating sa asignaturang Filipino. Bilang kaalaman, ang kahirapan sa pag-unawa ng mga malalalim na salita o termino ay nagdudulot sa kanila na mawalan sila ng interes sa pakikinig sa klase at hirap sa pagbuo ng mga pangungusap.

3. Ang kahirapan sa pamamahala ng oras ay nagsisilbing hamon sa mga mag-aaral sapagkat tuwing sasagot sila sa kanilang pagsusulit ay nahihirapan sila sa pagsagot lalo na at nahihirapan sila sa pamamahala ng oras. Nagsisilbing isang hamon sa kanila ang ibalanse ang kanilang oras tuwing pagsusulit na kung saan humantong sa pagmamadali sa pagsasagot kung kaya nadidismaya sila sa maliit na marka na kanilang nakakuha na kung saan nababawasan ang pagkakataon na ipakita ng mga mag-aaral ang kanilang tunay na kaalaman at kakayahan.

Rekomendasyon

1. Ang mga mag-aaral ay maaaring gumamit ng mga paraan na makatutulong sa kanila na maunawaan ang asignaturang Filipino kagaya na lamang nang paglilista sa kanilang mga aralin sa kanilang kuwaderno at magbasa ng mga diksyonaryo at iba pang babasahin na makatutulong sa kanila na maunawaan ang asignaturang Filipino.

2. Ang mga guro ay dapat magbigay ng mga karagdagang kagamitang pagkatuto gaya ng mga modyul tungkol sa mga gramatikang Filipino at magbigay ng iba't ibang mga pagsasanay tulad sa mga bahagi ng pananalita na mahirap para sa mag-aaral. Magbigay ng mga aklat na babasahin sa mga mag-aaral upang makatulong sa pagpapayaman ng kanilang bokabularyo pagdating sa mga idyomatikong pahayag.

3. Ang mga paaralan ay dapat magkaroon ng programa na sumusulong sa kahalagahan ng Filipino kagaya na lamang ng pagbabasa at panunuod ng mga akdang pampanitikan upang ang ilang mag-aaral na hirap makaunawa sa asignaturang Filipino ay matutukan. Inirekomenda din ang seminar o di kaya naman ang ilang gawaing makakatulong sa mga estudyante.

4. Ang mga magulang ay maaaring turuan ang kanilang anak sa wikang Filipino sa kanilang pamamahay para matuto silang magsalita sa wikang Filipino at hindi sila mahirapan na unawain ang mga malalalim na salita.

5. Ang mga susunod na mananaliksik ay maaaring magsagawa ng quantitativong pananaliksik tungkol sa mga salik o epekto ng mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino upang makapagbigay ng mga kaalaman na maaring magamit sa paglinang at pagpapa-unlad sa asignaturang Filipino.

REFERENCES

1. Aquilon, K. (2020). Pagkalimot ng Kabataan Sa Wikang Filipino. https://www.tumblr.com/kanoaaki/628658762081779712/pagkalimot-ng-kabataan-sa-wikang-filipino?fbclid=IwAR1oCC1siXk_ZfwizjvZaOeGgZg4S3YUVYODlfO8LtoXJKe02HbjZAN3SgQ
2. Austria, D. (2019). Factors Affecting the Academic Performance of Grade 7 Students in Filipino. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2D). <https://rb.gy/o75zh>
3. Ayon, A.J., Barquilla, R., Constantino, R., Garcia, A.S., Grezula, F., Lolong, C., Magayaga, J.N., Padilan, M.V., Polan, G., Soriano, J., Yting, C.L. (2019). Isang Pag-aaral sa Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 ng General Academic. Strand sa Wastong Paggamit ng Wikang Filipino ng Our Lady of Fatima University sa Kasanayan sa Pakikipagtalastasan. <https://shorturl.at/ftAS5>
4. Bataller, B. O., Roxas, D. M. I., Samodio, M. A., & Velasco, M. A. C. (2019). Language Proficiency Level in the Filipino Language of Grade 12 Senior High School Students of Dagatan National High School SY 2018-2019. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2F). <https://rb.gy/25h2a>
5. Bolatin, M.A., Lacamento, J., Salcedo, M.A. (2019). EPEKTO NG PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO AT WIKANG INGLES SA LARANGAN NG PAGTUTURO AT PAGKATUTO. <https://www.scribd.com/document/406345744/Epekto-Ng-Paggamit-Ng-Wikang-Filipino-at-Wikang-Ingles-Sa-Larangan-Ng-Pagtuturo-at-Pagkatuto?fbclid=IwAR2kcpAtmP942kWCNeQgt9pg4T1abUNNgKpl5kZVXpp6hr47TO-35Bbbf4>
6. Cabigao, Joey. (2021). Class Observation Post-Conference Framework for Teachers. *IJAMR Volume 5*. 256-258. https://www.researchgate.net/publication/349692651_Class_Observation_Post-Conference_Framework_for_Teachers
7. Cabigao, Joey. (2021). School-Based Assessment Framework Version 2.0 (The New Normal). *International Journal of Multidisciplinary Research Review. Volume 5*. 106-108 https://www.academia.edu/45159078/School_Based_Assessment_Framework_Version_2_0_The_New_Normal?fbclid=IwAR2CkESanAVnwnsGe2KJZjOD1u1rMjyyCXLWa5MNFedNbTXe-Z0WpDWJ_sE
8. Caluscusan, A., Dequito, M.G., Gamboa, M.M., Grafe, J., & Ragpa, R. (2018). KAWALAN NG INTERES NG MGA MAG-AARAL SA PAGBABASA NG AKDANG FILIPINO SA GRADE 7 NG AMLAN NATIONAL HIGH SCHOOL SA TAONG PANURUAN 2017-2018 <https://shorturl.at/lryO8>
9. Chavez, A.C., & Metrillo, A. (2018). PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA PAARALAN Batangas Country Club. <https://shorturl.at/lz056>
10. Constantino, P. C. (2014). GANITO NA NOON, GANITO ULI NGAYON: PAGTALUNTON SA KASAYSAYAN AT DAYNAMIKS NG MULTILINGGWAL NA EDUKASYON SA PILIPINAS. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 20. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4360?fbclid=IwAR17yhQa8hoNUkwrG300fPrEa1dFqfdXjKk8YNvssGB9md8PmOdGrzwO-20>
11. Cruz, Mary. (2023). Wikang Filipino: Tulay sa Pag-unawa ng Mag-aaral sa mga Asignaturang Nakahanay sa Wikang Ingles. https://www.researchgate.net/publication/376650750_Wikang_Filipino_Tulay_sa_Pag-unawa_ng_Mag-aaral_sa_mga_Asignaturang_Nakahanay_sa_Wikang_Ingles 10.6084/m9.figshare.24874047.
12. Daza, Jennilyn. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahong Pandemya. <https://shorturl.at/IMOTV>
13. De Leon, E. (2019). Ang Relasyon ng Makrong Kasanayan sa Filipino at Performans sa Pang-Akademiko ng K-12 ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 7 ng Paaralang Sekondarya ng Agham Lungsod ng Tagaytay Taong Panuruan 2016-2017. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2N). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AJMRA/article/view/10540?fbclid=IwAR3dW6qfGbdxJILV01YhVBeP3FuzqFwsQ_cR1WaOY9o9EUo9_wtp11VHA8
14. Dematingcal, J.M.E., Maglente, P.P.N., Liwanan, S.F., Villacarlos, L.J.J., Asehan, S.M., Clarito, C.J., Wagas, E.M., Mizobe, H. (2019). ANTAS NG KAKAYAHAN SA BOKABULARYONG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL NA NASA IKA-10 BAITANG NG IHMA TAONG PUNURUAN 2018-2019. <https://www.coursehero.com/file/51815936/FINAL-CHAPTERS-123-tbpdocx/?fbclid=IwAR3M7zwWn9cn6W7IcmWYEHZTPqDwvMPJ48QI2sqoY7fTolhCMBIbajWa7ys>
15. De Mesa, R. R. O., Pagtalunan, J. J. F., Salvaleon, C. L. B., & Valderas, L. R. R. (2020). Filipino: Senior High Students' Perceptions on the Removal of Filipino Subject in College. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 4(1). <https://rb.gy/25h2a>
16. Derakhshan, A., & Karimi, E. (2015). The interference of first language and second language acquisition. *Theory and Practice in language studies*, 5(10), 2112. https://www.researchgate.net/publication/283524046_The_Interference_of_First_Language_and_Second_Language_Acquisition

17. DICANG, VIVIANE & MOLINA, HARLENE. (2023). MGA HAMONG KINAKAHARAP NG MGA MAG-AARAL SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA MAKRONG KASANAYAN SA PAGSASALITA. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*. 3. 161-175. 10.47760/cognizance.2023.v03i12.014.
18. Estrabo, N. (2019). Pagpapataas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Pangungusap ng mga Mag Aaral sa Wikang Filipino Gamit ang Mi-Activity Sheets sa Ikalawang Baitang TA 2017-2018. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*,3(2F). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8987?fbclid=IwAR2aMcqdNGwziVNW hNt2M_swJYMkkQ3RjXBOHSTFANtmajnselE9TH4TcLo
19. Felonia, Melchor. (2021). Ang Pagtuturo ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/356426508_Ang_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya
20. Fernandez, J., Abellano, J., Ruiz, R., Aragon, J., Almada, R., Ardiente, C.K., Subang, L.A. (2010). Mga Salik sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo. <https://shorturl.at/BUVXZ>
21. Ferrer, Catherine. (2019). Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Interes sa Pagbabasa ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral. <https://shorturl.at/vSTV3>
22. Ferrer, Catherine. (2019). Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Interes sa Pagbabasa ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral. <https://shorturl.at/ptWZ7>
23. Gregory, Kaius. (2019). Epekto ng Impormal na Wika sa Pagkakaroon ng Mababang Marka sa Asignaturang Filipino. *International Journal of Language Studies*. Volume 1-1. 1-10. [fbclid=IwAR2rqkmuCym6xKLE6akiBBWOXrHKARa_cN8QpYknesl8GYkJaFgbgOocgyI](https://www.researchgate.net/publication/356426508_Ang_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya)
24. Hernandez, N.P., Mista, J.H., & Villena, S.M.M. (2013). Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Filipino sa Ikapitong Baitang sa Rosario National High School Category:Education.http://cti.batstateu.edu.ph/rmis/?do=guestview&go=guestviewresearch&researchid=1252&fbclid=IwAR3dW6qfGbdxJILV0lYhVBep3FuzqFwsQ_cR1WaOY9o9EUo9_wtp11VHA8
25. Lescano, R. (2019). View of the Students in Filipino Subject of Grade 7 in Lucsuhin National High School SY 2017-2018. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2K). <https://rb.gy/pgtx0>
26. Lim, R.C., Valmorla, M.L., Go, J.A., Go, R.A., & Tabanao, S.S. (2018). Pananaw ng mga Estudyante ng Ika-Sampung Baitang sa Asignaturang Filipino: Implikasyon para sa Pagpapatupad ng Teaching Strategies ng mga Guro https://www.scribd.com/document/452018281/Pananaw-ng-mga-Estudyante-ng-Ika-Sampung-Baitang-sa-Asignaturang-Filipino-Implikasyon-para-sa-Pagpapaunlad-ng-Teaching-Strategies-ng-mga-Guro?fbclid=IwAR1bgnsdWJP_79QJ02gjrUI3HIPWu5y8tztgdT5hVCR4UrVgQDcYkd0iFJA
27. Macalalad, M. A. (2019). Students' Competencies and Attitudes Towards Filipino Language: its Implications to Educational Innovation. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2I). <https://rb.gy/f0ecy>
28. Marinas, C.M. (2019). Salik na Nakakaapekto sa Pagtuturo sa Asignaturang Filipino ng Vicente Madrigal National High School <https://www.scribd.com/document/416953954/Salik-Na-Nakakaapekto-Sa-Pagtuturo-1-Angelicamae-s> File?fbclid=IwAR1eoPsDAakPTgOLUXRG9a9D8kvPoMJ50SboAOAerfGJ0hRoTaLJBn9DQlW
29. Noval, A. T. (2020). Silip sa Kwento ng mga Mag-Aaral na Panggabi: Awtobayograpikal na Salaysay ng Pagpupursige at Tagumpay. *The Normal Lights*, 14(1). <https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/1497>
30. Pacheco J.M, Janaya E.L, Ledesma K.J, & Menor A.L. (2023): SALIK NA NAKAAAPEKTO SA AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGAMAG-AARAL NA NAGMAMAYORYA SA FILIPINO. https://www.academia.edu/37081873/SALIK_NA_NAKAAAPEKTO_SA_AKADEMIKONG_PAGGANAP_NG_MGA_MAG_AARAL_NA_NAGMAMAYORYA_SA_FILIPINO_Iniharap_nina?fbclid=IwAR1eJq0SprzM_5UsKOP7Y4n6GMyxWzWz86U6J997GD1P-bShaF9Gt9emmsQ
31. Pagcanlungan, Marie Grace & Pagcanlungan, H. (2021). Paksa: Pagtuturo ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/356584975_Paksa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya
32. Pajarillo, R. C. (2019). Kabisaan Ng Tatlong Estratehiya Sa Pagtuturo Ng Filipino-VIII. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2F). <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8614?fbclid=IwAR2gMGQa-r8tjuSKIOoxq6TT8kfp-GQQwZn0ju9VyxahWLGw24EUIRLBxP0>
33. Parba, J. (2021). Teaching critical vocabulary to Filipino heritage language learners. *Education Sciences*, 11(6), 260. https://www.mdpi.com/2227-7102/11/6/260?fbclid=IwAR1eBPT6ffHsAINJ5vTBDYDJrTC-VNZQ5Ab8FNVNDNaXrn8jXJ6i_g9Bl2c

34. Pillo, M.P.P.R., Lagumbay, J.A., Maniung, C.K., Bellosa, M.K., & Jumawan, H.L. (2019). MGA EPEKTO NG SALITANG BALBAL AT SALITANG KANTO SA WIKANG FILIPINO. https://www.studocu.com/ph/document/university-of-santo-tomaslegazpi/panitikang-filipino/toaz-for-research/33961589?fbclid=IwAR1bzsznvTKXXvXWEYCPCacFAsGboct5_Oi7LSSRM22JQOg-xTrszyaGUN0
35. Pollero, Jobelle. (2021). Paghubog sa Kasanayan ng Pagkatuto sa Wika at Panitikang Pilipino. https://www.scribd.com/document/452018281/Pananaw-ng-mga-Estudyante-ng-Ika-Sampung-Baitang-sa-Asignaturang-Filipino-Implikasyon-para-sa-Pagpapaunlad-ng-Teaching-Strategies-ng-mga-Guro?fbclid=IwAR1bgnsdWJP_79QJ02gjrUI3HIPWu5y8tztgdT5hVCR4UrVgQDcYkd0iFJA
36. Rosario, A. R. (2020). Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/166?fbclid=IwAR1lCaOy14WJ7PNV3O_nHM8ZcSH36j_9kY_IIEYrhc-2lBfb857k2nhPsjA
37. SERRANO, D. F. (2022). E-GAMES: SALITALINO SA PAGPAPALAWAK NG BOKABULARYO SA FILIPINO. E-GAMES: SALITALINO SA PAGPAPALAWAK NG BOKABULARYO SA FILIPINO, 102(1), 10-10. <https://ijrp.org/paper-detail/3279?fbclid=IwAR1hbavMgvx65iT4eKFLALwhKjMsOz5hNhKc4O7ZneflsHmON-V3yuWOCyE>
38. Sombrero, Jeany Lyn. (2021). Kabisaan ng Modyular na Nagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/356893492_Kabisaan_ng_Modyular_na_Nagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya?fbclid=IwAR2sCI5tTXVyzbsvQMZhqPopEWOPi-NRpCEjVgMULgn7QIHVRw544wP-MMc
39. Suhendi, A., Purwarno, P., & Chairani, S. (2021). Constructivism-based teaching and learning in Indonesian education. *KnE Social Sciences*, 76-89. https://knepublishing.com/index.php/KnE-Social/article/view/8668?fbclid=IwAR0uAJeZWGldTuq7nfKrqz1zL5Or5fjzRgfhKbse9G-_1peFdendKEpNf4
40. Torzar, Eleanor. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagpapalawak Talasalitaan sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/356980358_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagpapalawak_Talasalitaan_sa_Panahon_ng_Pandemya
41. Valdez, J., Vloria, G., Aroco, A., Wapan, M. (2019). PILIPIT AT PINIPILIT Karanasan ng Mag-aaral sa Pagsasalita ng Filipino. https://www.academia.edu/41923494/PILIPIT_AT_PINIPILIT_Karanasan_ng_Mag_aaral_sa_Pagsasalita_ng_Filipino?fbclid=IwAR2h7Qc3sgPkuQqW6D48c9egW_zZSwdEIK2rFpqq-6J1YX71v5gWIGGgvAk
42. Vallecera, E. E. (2019). Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento ni Liwayway Arceo: Mungkahing Gabay ng Pagtuturo. *ACADEME*, 15.
43. Ypon, Jimmy & Writes, She. (2020). Lawak ng Pagkatuto ng Mag-aaral Kaugnay sa Paggamit ng Differentiated Instruksyon. 10.13140/RG.2.2.29096.08967. <https://www.studocu.com/ph/document/isabela-state-university/secondary-education-in-english/lawak-ng-pagkatuto-ng-mag-aaral-kaugnay-sa-paggamit-ng-differentiated-instruksyon/40402192?fbclid=IwAR3OtACeUh7mGbEiBSNxKkv1DVq0gs3gToSZ6bHYyieW-qhSAIut12sZec>

Appendix A

Gabay na Katanungan sa Panayam

Bago magsimula ang panayam, ipauunawa sa kalahok ang mga sumusunod:

1. Ang gagawing panayam ay gagawin sa pamamagitan ng *voice recorder*.
2. Ang identidad ng mga kalahok ay mananatiling kumpidensyal sa buong panahon ng pag-aaral.
3. Ang mga kalahok ay maaari o may karapatang huminto sa panayam anumang oras.

Edad: _____ Year Level: _____

Kasarian: _____

A. Opening Question

1. Paano mo mailalarawan ang iyong karanasan sa asignaturang Filipino?

B. Core Question

1. Ano ang mga hamon na iyong nararanasan sa asignaturang Filipino?
2. Ano ang epekto nito sa iyong pag-aaral?

C. Closing Question

1. Ano ang mga paraan na iyong ginawa upang malagpasan bilang mag-aaral ang mga hamon na iyong nararanasan sa asignaturang Filipino?

Appendix B

TRANSKRIPSYON NG PANAYAM

A. Opening Question

1. Paano mo mailalarawan ang iyong karanasan sa asignaturang Filipino?

Nahihirapan sa pagsasalin sa mga malalalim na mga salita (P1).

Mahirap siya dahil hindi ako gaano mahilig sa Filipino kaya nahihirapan talaga ako (P2).

Okay lang naman hindi siya gaanong mahirap at naiintindihan naman (P3).

Ang aking karanasan sa asignaturang Filipino ay isang malaking mundo na puno ng iba't ibang emosyon at ibang bagay na mahirap intindihin (P4).

Siguro masasabi kong hindi naman gaanong mahirap ang Filipino kasi simula pagkabata pa lang ay nasanay naman siguro tayo sa kulturang Filipino, ang mga lengguwahe na ating ginagamit sa pagsasalita. Simula pa lang sa kinder at grade 1 ay tinuturo na sa atin ito kaya medyo madali nalang siya maintindihan (P5).

Mailalarawan ko ang asignaturang Filipino na mahirap siya intindihin kasi may mga malalim na salita (P6).

Mailalarawan ko siya na mahirap pero nakakaya naman siya kung ako ay natuturuan (P7).

Maganda naman ang karanasan ko bilang mag-aaral sa asignaturang Filipino dahil marami akong natutunan ukol sa kung paano ang tamang pagsalita at tamang pagsalita at tamang pagsulat ng Filipino (P8).

Okay lang marami akong natutunan sa Filipino tungkol sa pagsasalin. Sa ibang leksyon ay madali sa iba naman ay mahirap (P9).

Mailalarawan ko ang aking karanasan sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng maisalamin natin ang ating Buhay sa asignaturang Filipino dahil mayroon itong epekto sa ating kasaysayan at sa mga karanasan (P10).

Simula pa noong elementarya ay naging maingat na ako sa Filipino dahil mas sanay ako sa Ingles pero pagdating sa Filipino ay talagang nahihirapan ako lalo sa mga malalalim na salita. Pero sinusubukan ko naman maging matatas sa Filipino. Sa tingin ko naman ay nag improve ang aking abilidad sa pagsasalita ng Filipino sa nagdaang taon (P11).

Okay lang siya para sa akin dahil noong elementarya at senior high ay madalas kong nakasalamuha sa mga contest o parang nalantad na ako sa Filipino bago sa Ingles kaya nasasabi ko na hindi gaano kahirap, okay lang siya (P12).

B. Core Question

1. Ano ang mga hamon na iyong nararanasan sa asignaturang Filipino?

Nahihirapan ako sa pag-intindi sa mga malalalim na salita (P1).

Hindi ko alam ang Filipino, hindi ako sanay magsalita nito (P2).

Nahihirapan ako sa Filipino dahil sa pagbuo sa mga pangungusap na may malalalim na kahulugan at sa pagbabasa ay talagang malalalim at mahirap. intindihin (P3).

Ang mga hamon na aking nararanasan ay ang mahirap na pag-intindi sa ibang salita dahil sa lalim na termino na ginagamit dito (P4).

Siguro ang isa sa mga hamon ay hindi lahat ng mga salita ay agad nating maintindihan kasi mayroong iba na sanay na sa pagsasalita ng bisaya o minsan ay sa Ingles na natin iyong mga kahulugan ng mga salita sa Filipino (P5).

Ang mga hamon na aking kinakaharap ay iyon nga ang mga salita ay napakalalim (P6).

May mga bagong termino o mga salita sa Filipino na hindi natin agad. maintindihan (P7).

Ang mga hamon na aking nararanasan sa asignaturang Filipino ay ang mga teknikal na mga salita, mga malalim na salita sa Filipino o mga sinaunang salita (P8).

Iyong pag-intindi sa Filipino dahil mahina talaga ako sa Filipino kagaya nang sa mga malalalim na salita (P9).

Isa sa mga hamon na aking nararanasan sa asignaturang Filipino ay paggamit ng grammatika kasi mayroong mga pagkakataong na may termino sa Filipino na hindi ko masyadong alam (P10).

Sa tingin ko, tuwing sumasagot kami sa aming exam lalo na kung mahahaba ang mga katanungan sa Filipino at talagang nakakasayang siya ng oras lalo na kung hindi ko gaano naintindihan ang mga salita. Maraming mga salita na lagpas sa aking kaalaman (P11).

Ang mga pandiwa at pangngalan kung isalin siya sa Filipino ay talagang hindi ko na alam kung anong mga salita sila, nahihirapan ako (P12).

2. Ano ang epekto nito sa iyong pag-aaral?

Hindi agad ako nakaiintindi (P1).

Nahihirapan ako sa mga salita at kung paano magbuo ng pangungusap (P2).

Noon nahihirapan pa ako, ngayon natutunan ko na kung ano ang mga kahulugan kaya nalampasan ko ito (P3).

Naging mahirap ito sa aking pag-aaral pero kinakaya naman (P4).

Medyo mahirap siya pero di gaano kasi halos ang ginagamit natin sa paaralan ay english naman talaga at ang Filipino ay para rin sa ating kultura pero masasabi ko rin naman na makakatulong siya minsan (P5).

Ang epekto nito sa aking pag-aaral ay nakukulangan ako sa oras sa pagsagot tuwing pagsusulit dahil hindi lang ang asignaturang Filipino ang gumagamit ng wikang Filipino kundi ang ibang asignatura rin kagaya ng Arpan (P6).

Minsan nahirapan ako kung mayroong ibigay na kailangan sagutan tapos nahihirapan ako sa pagsagot at wala na akong oras sa pagsagot dahil hindi ko maintindihan ang ibang mga salita (P7).

Maganda ang epekto niya dahil nahihirapan ako sa pagsasalita ng Filipino kaya pinag-aralan ko ito. Kaya may positibo naman siyang epekto (P8).

Nahihirapan at hindi gaano kataas ang aking marka sa Filipino (P9).

Ang naging epekto nito sa aking pag-aaral ay ito ang nagbigay daan upang maipagmalaki ang asignaturang ito at nagbigay ito ng epekto hindi lang sa atin kundi sa lahat ng estudyante (P10).

May negatibo at positibong epekto ito. Ang negatibong epekto ay nakakasayang siya ng oras at nadidismaya ako dahil wala na akong oras sa aking pagmamadali kaya maliit lang ang marka ko. At positibo naman dahil gusto kong mag-improve kaya ginawa ko ang lahat upang mapabuti ang aking sarili (P11)

May mga pagkakataon na magkapalit-palit ko siya sa paggamit kagaya ng imbis na pandiwa siya ay naging pang-abay o di kaya ay naging panghalip, hindi ako gaano ka-pamilyar sa mga ganoon sa Filipino (P12).

C. Closing Question

1. Ano ang mga paraan na iyong ginawa upang malagpasan bilang mag-aaral ang mga hamon na iyong nararanasan sa asignaturang Filipino?

Nagbabasa ako ng diksyonaryo (P1).

Palagi akong magbabasa ng tagalog na libro para maging pamilyar sa akin ang mga salita (P2).

Pinag-aralan ko siya palagi hanggang malaman ko ito at ako ay matuto (P3).

Pag-aralan ito hanggang sa maintindihan dahil ayon nga sa kasabihan, walang nilaga kung walang tyaga (P4).

Sa pagbabasa natin ng wattpad at mga novels, nakakatulong ito para mas maintindihan natin ang Filipino.

Pag may mga hamon ako ay nag-aaral ako ng husto (P5)

Ang paraan na aking ginawa ay magbasa para maintindihan ko ang salitang Filipino (P6).

Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa google, iyon kahulugan ng salita para makasagot at maintindihan (P7).

Katulad nga nang sinabi ko, pinag-aralan ko siya ng mabuti, pinagbutihan ko yung pag-aaral sa wikang Filipino (P8)

Mag-aaral ako tungkol sa aming talakayin para maintindihan ko talaga kahit kaunti lang (P9).

Isa sa mga paraan ay sa pamamagitan ng pag-aralan ang mga grammatika na isa sa mga kasaysayan (P10).

Palagi akong magbabasa ng mga libro, mga Filipino na libro upang umimprove at mapalawak ang aking bokabularyo sa Filipino (P11).

Kagaya ng magsasariling-pagkatuto ako ngayon para ako ay matuto, magsaliksik at mag google (P12).

Appendix C

MISAMIS UNIVERSITY *Ozamiz City* College of Education

INFORMED CONSENT FORM

Nagboluntaryo akong lumahok sa pananaliksik na isinagawa nina Diana Rose S. Leopoldo at Marinilla R. Lausa mula sa Misamis University College of Education. Nauunawaan ko na ang pananaliksik ay idinisenyo upang makalikom ng impormasyon tungkol sa Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng Senior High School. Magiging isa ako sa mga sasagot sa panayam ng pananaliksik na isinagawa sa pamantasan.

1) Kusang loob ang aking pakikilahok sa pananaliksik na ito. Naiintindihan ko na hindi ako babayaran para sa aking paglahok. Maaari kong bawiin at ihinto ang pakikilahok anumang oras nang walang multa. Kung tatanggi akong lumahok o umalis mula sa pag-aaral na ito, wala akong ibang pagsasabihan nito.

1) Ang pananaliksik na ito ay kinapapalooban ng aking pakikilahok. Nauunawaan ko na ang karamihan sa mga pahayag sa panayam ay kawili-wili at nakakapukaw ng isipan. Gayunpaman, kung pakiramdam ko ay hindi ako

komportable sa anumang paraan habang sinasagutan ang katanungan, may karapatan akong tanggihan ang aking pakikilahok.

2) Ang pagsagot sa panayam ay tatagal ng halos 5-10 minuto. Nauunawaan ko na ang impormasyong makakalap ay ituturing na pribado. Hindi makikilala ang aking pagkakakilanlan. Tanging ang mga mananaliksik at ang kanilang tagapayo ang magkakaroon ng pahintulot sa pagsuri ng mga datos sa pananaliksik.

3) Nauunawaan ko na ang pananaliksik na ito ay nasuri at naaprubahan ng Basic Education Department sa Pamantasan ng Misamis.

4) Nabasa ko at naintindihan ko ang paliwanag na ibinigay sa akin. Nasagot ang lahat ng aking mga katanungan na siyang nilulugdan ko, at kusang-loob akong sumang-ayon na makilahok sa pag-aaral na ito.

5) Binigyan ako ng kopya sa papel pahintulot ito.

Lagda ng Kalahok Petsa

DIANA ROSE S. LEOPOLDO MARINILLA R. LAUSA Researcher Researcher

Appendix D

Enero 5, 2023

DR. ANALYN S. CLARIN

Principal, Basic Education Department
Misamis University
Ozamiz City

Thru: **MS. LEIZEL JOY P. CASPE**

Associate Principal, Senior High School

Ma'am:

Kami ay mga mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Misamis University, Lungsod ng Misamis. Sa kasalukuyan, kami ay nagsasagawa ng pananaliksik na pinamagatang, "*Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino sa Senior High School*".

Kaugnay po nito, nais po naming hingin ang inyong pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral. Ang aming mga kalahok ay labing-dalawa mula sa Senior High School na nag-aaral sa Pamantasan ng Misamis sa taong panuruan 2022-2023. Ang mga katanungan na aming ginawa ay gagamitin sa paglilikom ng mga datos. Sinisigurado namin na iingat at pananatilihing pribado ang sagot ng mga kalahok sa pananaliksik na ito.

Dalangin po namin ang inyong paghintulot na maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Lubos na gumagalang,

DIANA ROSE S. LEOPOLDO

MARINILLA R. LAUSA

Inaprobahan ni:

DR. ANALYN S. CLARIN

Principal, Basic Education Department

CURRICULUM VITAE

PERSONAL DATA

Name: Diana Rose S. Leopoldo


Date of Birth: February 26, 2002

Place of Birth: MHARS General Hospital

Address: Purok-4, Catadman Mangga, Ozamiz City, Misamis Occidental, 7200

Status: Single

Citizenship: Filipino



Religion: Roman Catholic

EDUCATION

Tertiary: Bachelor in Secondary Education Major in Filipino
Misamis University
H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental
Senior High School: General Academic Strand
Misamis University
H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental
April 2020
Junior High School: Misamis University
H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental
April 2018

CURRICULUM VITAE

PERSONAL DATA

Name: Marinilla R. Lausa
Date of Birth: July 24, 2001
Place of Birth: MHARS General Hospital
Address: Purok 2C, Kinuman Sur, Ozamiz City, Misamis Occidental, 7200
Status: Single
Citizenship: Filipino
Religion: Roman Catholic



EDUCATION

Tertiary: Bachelor in Secondary Education Major in Filipino
Misamis University
H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental
Senior High School: General Academic Strand
Misamis University
H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental
April 2020
Junior High School: Cogon Integrated School
Cogon, Ozamiz City, Misamis Occidental
April 2018